# FILIPINO

## Ikaapat na Kwarter –Modyul 7
## Wastong Gamit ng mga Pang-ukol

### Subukin

Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat pangungusap at hanapin lahat na mga pang-ukol. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Ayon sa balita, tumataas na naman ang kaso ng Covid 19.

2. Ang mga bulaklak na ito ay para sa aking nag-iisang ina.

3. Ukol sa Covid 19 ang paksa ng kanilang pag-uusap.

4. Sinamahan ni Lucy ang kanyang nanay na mamili sa palengke.

5. Ipinasa kay Sittie ang kanyang ginawang pagsusuri.

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## Balikan

Panuto: Isulat sa patlang ang tamang pang-ukol upang mabuo ang pangungusap. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Kailangan laging maghugas ng kamay _________Dr. Reyes. (ayon kay, ayon kina)
2. Iniabot ______Reinnah ang supot ng pagkain sa kanyang kaibigan. (ni, nina)
3. _______ laganap na pandemya ang paksa ng aming pag-uusap. (Ukol sa, Para sa)
4. Gumagawa ng isang liham si Rose Ann ______ kanyang tatay. (para kay, para sa)
5. _______ DOH o Department of Health, mas madaling mahawaan ang mga taong may edad 60 pataas. ( Ayon sa, Ayon kay)

"READY TO PR

LIVEWORKSHEETS

## Pagyamanin

**Ginabayang Gawain**

Panuto: Punan ng wastong pang-ukol ang bawat patlang upang mabuo ang diwa ng bawat pangungusap. Piliin sa loob ng kahon ang mga tamang sagot at isulat sa inyong papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ni | nina | kay | kina | ayon sa |
| Ayon kay | | ukol sa | para sa | |

1. Ang kagitingan niya ay alay_______ bayan.
2. ________lolo, pagmamahal sa bayan ang inalay niyang pakipaglaban sa mga Hapones.
3. Nalaman ko ________ lolo Tinoy ang mga pangyayari noong panahon ng digmaan.
4. Mahal ___ lolo Tinoy ang mga kababayan kaya siya nakipaglaban noong unang panahon.
5. Sinikap ________ mama Lolly at papa Boy na maibahagi sa amin ang talambuhay ng aking lolo.


"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## Malayang Gawain

Panuto: Lagyan nang angkop na pang-ukol ang pangungusap tungkol sa larawan. Piliin ang wastong sagot sa loob ng kahon at isulat sa sagutang papel.


| | | | |
|---|---|---|---|
| ni | nina | kay | kina |
| Ayon sa | Ayon kay | para kay | |
| para kina | ukol sa | para sa | |



1. Tinulungan _____ Tessie ang matandang tumawid sa daan.



2. ____________ balita, maiging maghugas ng kamay para makaiwas sa sakit.



3. Masayang ikinuwento ____________ Pam at Sam ang kanilang karanasan.



4. ____________ nanay ang bulaklak na hawak ni tatay.



5. Nagtuturo ng mabuti ang guro __________ mga bata.

LIVEWORKSHEETS